Noong nilikha ni Allāh ang mga nilikha, isinulat Niya sa isang talaan, na nasa piling Niya sa ibabaw ng trono: Tunay na ang awa Ko ay nananaig sa galit Ko.

Ayon kay Abū Hurayrah, malugod si Allāh sa kanya: "Noong nilikha ni Allāh ang mga nilikha, isinulat Niya sa isang talaan, na nasa piling Niya sa ibabaw ng trono: Tunay na ang awa Ko ay nananaig sa galit Ko." Sa isang sanaysay: "nanaig sa galit Ko." Sa isa pang sanaysay: "nauna sa galit Ko."

[Tumpak] [Napagkaisahan ang katumpakan]

Noong nilikha ni Allāh, kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan, ang mga nilikha, isinulat Niya sa isang talaang nasa piling Niya sa ibabaw ng trono: "Tunay na ang awa Ko ay higit na marami at higit na nananaig sa Akin kaysa sa galit Ko."

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/4961